



دار زايد للثقافة الإسلامية  
Zayed House For Islamic Culture

## Ang Kulturang Emirati



800 555



اتصل على  
JUST CALL

P.O Box: 16090, Al Ain, U.A.E  
www.zhic.ae contact@abudhabi.ae

Ang kultura ay isa sa mga tampok na katangian ng isang lipunan. Ito ang pinagmulan ng pagkakakilanlan, bilang tunay na kinakatawan ng isang komunidad sa pagsulong nito tungo sa kaunlaran.

Natatangi ang kultura ng UAE sapagkat ito ay nagmula sa mayayamang prinsipyo at karanasan na nagmula mismo sa mga lokal na komunidad ng UAE sa paglipas ng panahon. Ang kulturang ito ay hindi lamang naipon sa loob ng mahabang panahon, ngunit ito ay naging pamana rin para sa susunod na henerasyon, sa pakikilahok ng lahat ng mamamayan, sa pamamagitan ng kanilang mga tagumpay tungo sa kaganapan ng kanilang mga mithiin.

Ang kultura ng UAE ay nagmula sa mga doktrina ng Islam na naghubog sa mga mamamayan tungo sa magandang pag-uugali, na makikita hindi lamang sa magkakasamang pamumuhay kundi pati na rin sa pagkakatantay-pantay na siyang sinusugan ng mga namumuno ng bansa, at ang kalayaang tinatamasa ng iba pang mga naninirahan dito maging iba man ang kanilang mga pananampalataya. Ito ay masisilayan sa mga pagsamba nila sa loob ng kani-kanilang mga simbahan o templo. Katotohanan, ang lahat nang ito ay nagmula mismo sa mga katuruan ng ating dakilang relihiyong Islam.

Sa kabilang banda, ang kulturang Emerati at ang pagsamba kabilang na ang mga kaugalian nito ay matibay ang pagkakaugnay sa isa't-isa mula pa man noon. Magpasa-hanggang ngayon, ang pamilya ang siyang pinakamahalagang unit ng lipunan. Ito ay pinatitibay sa pamamagitan ng sinaunang kaugalian at sistema na ipinamana ng mga ninuno. Nakasaad sa natatanging panlipunang sistemang ito ng pagkakaisa na ang pananagutan ng indibidwal ay sumasaklaw sa kanyang pamilya at lipunan. Ganito rin ang kalakaran sa buong tribo at angkan. Ito ay may iba't-ibang larawan tulad halimbawa ng; tulong pisikal o pinansyal, o di kaya ay pagkalinga sa kapwa, tapat na pakikilahok at pakikisalamuha, pagtulong at suporta sa mga aktibidad ng lipunan tulad ng kasal at mga selebrasyon. Ang natatanging pagkakaisa at pagtutulungang ito ang siyang nagbuklod sa mga mamamayan ng bansang ito upong mabuo ang United Arab Emirates noong taong 1971.

Ang pagkakabuklod-buklod ng pitong probinsya ng UAE ay nagdulot ng katiwasayan at pagkakaisa sa pagitan ng mga mamamayan. Naipamalas nila ang walang katulad na sakripisyo at pagtatanggol

sa kasarinlan, bilang tanda ng isang tunay na makabayan. Ang natatanging pagmamahal sa bayan at pagpapahalaga nito ay kaakibat ang pagsunod sa mga namumuno rito tungo sa kaunlaran.

Sa kasalukuyan, tinatamasa ng mga Emerati ang makabagong pamumuhay hango mula sa orihinal at sinaunang kultura. Ang globalisasyon at katutubong kultura ay kanilang napagtugma kasama na ang pag-unlad, habang kanilang napanatili ang pagkakakilanlan. Sinabi ng ating ama na si Sheikh Khalifa bin Zayed-pangalagaan nawa siya ng Allah – “Sinuman ang siyang walang pagkakakilanlan ay katunayang siya ay walang katayuan sa kasalukuyan at sa hinaharap.”

Kamakailan lamang, nasaksihan ng UAE ang malaking pag-angat sa pagpapahalaga ng kultura nito na pinalakas ng gobyerno sa lokal at internasyonal na larangan. Ang pag-angat na ito ay nakamtan sa pamamagitan ng pakikilahok ng iba't-ibang ahensya sa pagpapatupad ng mga makabago at malikhaing mga pamamaraan tungo sa maunlad na kinabukasan ng bansang UAE.